Unahan ninyo ang umaga sa pagsasagawa ng witr.

Ayon kay Ibnu `Umar, malugod si Allah sa kanilang dalawa: Ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ay nagsabi: "Unahan ninyo ang umaga sa pagsasagawa ng witr."

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ang kahulugan ng ḥadīth: Ang pagtuturing na kaibig-ibig ang pagpapahuli sa pagsasagawa ng dasal na witr hanggang sa huling bahagi ng gabi subalit nararapat sa sinumang nagpahuli ng witr niya hanggang sa huling bahagi ng gabi na mag-ingat at magdali-dali sa pagsasagawa nito bago sumapit sa kanya ang madaling-araw dahil ang pinakahuling oras ng dasal sa gabi ay sa pagsapit ng madaling-araw. Kaya kapag sumapit sa kanya ang madaling-araw bago siya nakapagsagawa ng witr, nakalampas sa kanya ang kalamangan nito.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3655